Archbishop José H. Gomez

Liham na Nagpapahayag ng Taon ng Hubileyo Bilang Paggunita ang Dalawang Daan at Limampung (250th) Anibersaryo ng Pagtatag ng Misyon San Gabriel Arkanghel ni San Junipero Serra

Ika-27 ng Hunyo, 2021

Pinakamamahal Kong Mga Kapatid sa Pananampalataya Kay Kristo,

Idinadalangin ko kayo at ang inyong mga pamilya na nawa ay nasa maayos na kalagayan. Ikinagagalak ko na makita ang ating Bayan na nagsisimula na muling bumukas, matapos ang mahabang taon ng pandemiya. Napakagandang makita na unti-unti ng bumabalik sa Simbahan sa bawat linggo dahilan sa nuong mga pagbabawal ng Pamahalaan ay inaalis na.

Ito ay napakahalagang pagkakataon para sa ating lahat na panibaguhin at palalimin ang ating pag-ibig kay Hesukristo at ang ating pag-aalab na isabuhay ang ating paananampalataya bilang Katoliko. Kaya nga lubos ang aking kagalakan na maibahagi ang balitang ito sa inyo.

Isinusulat ko ito ngayon upang ipahayag, na sa darating na tag-araw o tag-init, ating sisimulan ang Taon ng Hubileyo, upang markahan ang Dalawang Daan at Limampung (250th) Anibersaryo ng Misyon San Gabriel Arkanghel, na itinatatag ng Dakilang Franciscan Misyonero, San Junipero Serra, nung taong Isang Libo Pitong Daan at Pitumpu't isa (1771).

Sa Banal na Kasulatan, minamarkahan ang isang mahalagang panahon ng biyaya at awa ng Panginoon. At sa tradisyon ng Simbahan, ang Taon ng Hubileyo o Banal na Taon, ay itinalaga upang gunitain ang mahalagang sandali sa kasaysayan ng kaligtasan.

Ang pundasiyon ng Misyon San Gabriel ay isang mahalagang sandali. Ang misyon ay ang unang Simbahan na ngayon ay ang Arkdiyosesis ng Los Angeles. Nabanggit ng Santo Papa Francisco si San Junipero Serra ang isa sa mga "Ama" na nagtatag ng Estados Unidos. Kaya nga itong Taon ng Hubileyo, hindi lamang kinikilala ang pagtatag ng Simbahan ng Los Angeles, kundi ang simula ng mga Kristiyanong Amerikano at ang impluwensiya ng kahalagahan ng Kristiyano sa paghubog ng ating pambansang pagkakakilanlan.

Ang Taon ng Hubileyo ay magsisimula sa Ika-11 ng Setyembre, Taong Dalawang Libo at Dalawampu't isa (2021) na pasisimulan ng Banal na Misa sa Cathedral ng Our Lady of the Angels at magpapatuloy hanggang Ika-10 ng Setyembre, Taong Dalawang Libo at Dalawampu't

Dalawa (2022), kung saan gaganapin ang pagtatapos ng isang Banla na Misa sa Misyon ng San Gabriel Arkanghel.

Ako po ay lubos na nagpapasalamat sa ating Santo Papa Francisco at sa Apostolico Penitentiary ng Banal na See sa pagbibigay at pagpataw ng plenaryo para sa ganitong mahalagang kaganapan ng Liturhiya. Gayundin sa mga panalangin at itinalagang peregrinasiyong mga lugar sa ating Arkdiyosesis.

Mga Kapatid, ang Taon ng Hubileyo, para sa akin ay hindi tungkol sa nakaraan. Ito ay tungkol sa kasalukuyan at sa hinaharap. “Pagsulong sa Misyon” (Forward in Mission) ang Tema ng Hubileyo, at ako po ay nagtitiwala na sa panahon nitong Banal na Taon, maraming biyaya ang ipagkakaloob ng Diyos sa ating Lokal na Simbahan at sa ating mga Pamilya.

Aking panalangin na ating bubuksan ang ating mga puso sa Kanyang Espiritu at ating muling maririnig ang pagtawag sa atin bilang mga Binyagang Katoliko upang maging mga Banal at Misyonerong Disipulo tulad ni San Junipero Serra at ang mga naunang henerasiyon ng mga misyonero at mga migrante na nagdala ng Pag-ibig ng Diyos sa California at Amerika.

Aking dalangin na sa taong ito ay mamulat tayong lahat, ng panibagong kamalayan ng ating malaking dignidad bilang mga anak ng Diyos at ang ating responsibilidad na ipangalap ang Mabuting Balita at patatagin ang Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pang-araw-araw na buhay.

Matatagpuan ninyo ang bagong impormasiyon ukol sa Hubileyo website, forwardinmission.com.

Aking hiling sa inyo at sa inyong pamilya ang pinagpalang tag-araw o tag-init.

Pakiusap ko na ipagdasal ninyo ako at gayundin ako sa inyo.

Ipinagkakatiwala ko kayong lahat sa Malambing na Kalinga ng ating Ina ng Guadalupe. Biyayaan nawa niya tayo ng panibagong Pag-ibig ng kanyang Bugtong na Anak na si Hesukristo, at pangunahan niya tayo ng bagong paggising ng pananampalataya sa ating panahon.



Ang Lubháng Kagalanggalang José H. Gomez
Arsobispo ng Los Angeles